# THE TAMARAO JOURNAL



WHAT'S INSIDE?

3 Governor's Cup Intertown Volleyball League, isinagawa!



VOLUME 2 No. 01 Nov 14, 2022 - Nov. 20, 2022


## Indak Iskolar Dance Contest 2022, inilunsad!






MASAYANG NAILUNSAD ang Indak Iskolar Dance Contest 2022 noong Nobyembre 14 at ito ay dinaluhan ng mahigit kumulang 1,000 Provincial Scholars mula sa ibat-ibang Kolehiyo at Unibersidad ng lalawigan. Nagpakitang gilas sa kanilang husay sa pagsasayaw ang ibat-ibang grupo ng mga iskolar sa nasabing event.

Tulad ng nakaugalian, mga sorpresang papremyo ang ipinagkaloob ni Gov Bonz Dolor sa mga kabataang iskolar na matatandaang buhos ang kanyang suporta sa mga ito. Maliban sa cash prizes at tropeo na inihanda ng Education and Employment Services Division, dinagdagan pa ito ng cash prize ng pamahalaang panlalawigan.

Nagwagi sa kumpetisyong ito ang Mindoro State University Calapan Campus, pumangalawa ang Innovative College of Science and Technology-Bongabong at pumangatlo naman ang MinSU Main Campus- Victoria. Tumanggap sila ng mga kaukulang papremyo, gayundin, ang mga di pinalad na manalo na tumanggap din ng consolation prizes.

Samantala, naitala naman ang paglobo ng bilang ng mga iskolar ng Pamahalaang Panlalawigan, ito ay ayon sa report ng Education and Employment Services Division (EESD) Office of the Governor. Matatandaang ang EESD ang siyang pangkalahatang nangangasiwa sa mga iskolar ng Pamahalaang Panlalawigan.

Ayon kay EESD- LEO III Sofia Ala Logmao, mayroon nang mahigit sa 5,000 Provincial Scholars ang Pamahalaang Panlalawigan sa kasalukuyan sa ilalim ng administrasyon ni Governor Bonz Dolor.

## Mga Doktor at Nurse nanumpa ng katungkulan sa Probinsya



ANIM NA MEDICAL PERSONNEL ang nanumpa sa kanilang katungkulan sa harap ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor sa Governor's Office noong Nobyembre 15.

Sa nabanggit na bilang, lima ang doktor samantalang ang isa ay nurse sa Provincial Health Office. Isa sa mga doktor ang nakatalaga sa Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH), dalawa naman ang sa Naujan Community Hospital samantalang dalawa rin ang nakadestino sa Oriental Mindoro Southern District Hospital.

"Mapalad kayo sapagkat nataon ang inyong oathtaking sa 72nd Founding Anniversary celebration ng Oriental Mindoro na isa sa makasaysayang okasyon ng lalawigan. Nawa ay isapuso ninyo ang tunay na paglilingkod sa ating mga kababayan at hangad ko na marami nating kababayan ang inyong matulungan," ang paalala sa mga ito ng Gobernador.

Sumaksi sa oathtaking sina Board Member Aleli Casubuan, Provincial Health Officer Dr. Cielo Ante, OMPH OIC- Chief of Hospital Dr. Dante Nuestro, Naujan Community Hospital Chief of Hospital Dr. Emmanuel Hernandez at Provincial Human Resource and Management Officer Anna Marie DC. Reyes.

Ang karagdagang doktor sa mga pampublikong ospital sa lalawigan ay napakalaking tulong lalo't higit sa mahihirap nating kababayan na madalas ay sa mga pampublikong ospital pumupunta para sa kanilang mga pangangailangang pangkalusugan.

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM












# TINGNAN: Mga larawan mula opening ng SALONG DAGITAB Christmas Festival 2022 Anniversary Celebration, GABI NG PAGDIRIWANG.






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Governor's Cup Intertown Volleyball League, isinagawa!

MATAGUMPAY na naisagawa ang Governor's Cup Intertown Volleyball League na isa mga tampok na aktibidad kaugnay ng pagdiriwang ng 72nd Founding Anniversary Celebration (FAC) ng Oriental Mindoro sa Sentrong Kabataaan sa Brgy. Sta. Isabel, Calapan City noong Nobyembre 12.

Nilahukan ang paligsahan ng 19 na team mula sa iba't ibang bayan, 11 ang koponan ng mga kalalakihan samantalang walo naman ang sa mga kababaihan.

Pinangasiwaan ang gawain ng Office of the Governor-Special Concerns Division (G.O.-SCD) na pinamumunuan ni Supervising Administrative Officer Junelo Alcuran.

Ayon kay SAO Alcuran, katuparan ito ng ipinangako ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor nang ipinagdiwang ang Linggo ng Kabataan noong Agosto na isasama ang kumpetisyon ng volleyball sa mga aktibidad kaugnay ng FAC.

Narito ang resulta ng Governor's Cup Intertown Volleyball League Men's Division: Champion - Calapan City, 1st runner –up - Bongabong, 2nd runner-up - Bansud, 3rd runner-up - San Teodoro. Women's Division: Champion - Naujan, 1st runner –up - Calapan City
2nd runner-up - Bongabong, 3rd runner-up - Roxas.

Ang champion ay tumanggap ng 20,000 pesos, 15,000 pesos sa 1st runner-up, 10,000 pesos sa 2nd runner-up at 5,000 pesos naman sa 3rd runner-up. Bukod pa rito, tumanggap din ang lahat ng mga nanalo ng medal at trophy.

Tumanggap naman ng tig-P2,000 consolation prize ang iba pang kalahok na team.







# Tsunami Drill isinagawa ng Provincial DRRM Office






NAGING MATAGUMPAY ang kakatapos lang na Tsunami Drill na ginanap sa Brgy. Montemayor, Naujan, alas-dos ng hapon, November 18.
Ito ay bilang paggunita sa World Tsunami Awareness Day na ginaganap tuwing sasapit ang buwan ng Nobyembre taun-taon.

Sa pakikipag-tulungan ng mga masisigasig at nagkaka-isang mamamayan ng Brgy. Montemayor sa pangunguna ni Brgy. Capt. Marcos Udtuhan, naging makabuluhan ang kauna-unahang Tsunami Drill sa kanilang lugar.

Dito ay na-identify ng bawat isa ang kani-kaniyang safe areas per sitio at ganon na rin ang ilang preparedness measures laban sa mga kalamidad gaya ng tsunami at lindol. At bagaman umuulan habang isinasagawa ang drill, hindi ito naging dahilan upang hindi maki-lahok ang bawat isa, bagkus ay lalong naging masigasig ang komunidad na lahat ay willing na matuto at maging handa laban sa mga kalamidad.

Pagkilala at pagbati sa mga komunidad at senior citizens ng Brgy. Montemayor ang aming ipinaaabot, gayundin sa bumubuo ng Francisco Tria Elementary School at lalo na sa Brgy. Officials ng Montemayor. Pasasalamat rin po sa Municipal DRRM Office ng Naujan para sa kanilang assistance at partnership sa amin upang maging matagumpay ang activity na ito.

Inaasahang mas magiging maigting ang disaster risk reduction and management efforts ng Brgy. Montemayor dahil sa activity na ito. Laging bukas ang Provincial DRRM Office para sa iba pang preparedness o capacity development activities na kakailanganin ng mga communities sa buong probinsya.

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 01 Nov. 14, 2022 - Nov. 20, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *'Vice -Governor Ejay Falcon Kaya Mo Yan Bike for a cause" inilunsad!*

KAHIT MAIKLING PANAHON LAMANG ANG NAGING PREPARASYON, naging matagumpay ang kauna-unahang 'Vice -Governor Ejay Falcon Kaya Mo Yan Bike for a cause' noong Nobyembre 20.

Mahigit sa 200 bikers mula Oriental Mindoro at ibang mga probinsya ang nakiisa sa naturang gawain.

Nagsimula ang ruta ng mga bikers sa Victoria Public Market patungo sa Calapan City.

Mismong nanguna rito si Vice-Gov. Ejay habang nakasuporta naman sa kanya ang dating aktres na si Jana Roxas na kanyang fiancé,

"Mabuhay ang mga siklista ng Oriental Mindoro" ayon kay Vice-Ejay.

Aniya pa, hindi ito basta ehersisyo kundi nais daw niyang maging bahagi ang bawat isang Oriental Mindoro upang matulungan ang mga nasa Bahay Kanlungan, Bahay Aruga at mga kapatid na Katutubong Mangyan.

Bahagi naman ng programa ang pa-raffle kung saan namahagi ng mountain bikes, world balance shoes and apparel at sprinto shades ang batang bise-gobernador sa tulong ng mga pangunahing sponsor nito.

Pinasalamatan at kinilala naman ni Vice_Gov Ejay ang mga umagapay sa aktibidad partikular na ang PDRRMO, City Youth Development Office, CDRRMO at PSD-TMO ng City Govt. of Calapan, MDRRMO Victoria, MDRRMO Naujan, Victoria MPS, OMMRC, HPG, SCD, OVG -SP at mga konsernadong indibidwal.

Samantala, bilang pagpapahalaga at pasasalamat, binigyan rin ng Bise-Gobernador ng Sertipiko ng Pagkilala ang tanggapan ng Public Information Services Division na umagapay sa dokumentasyon ng kanilang mahalagang gawain.







## 100 years old!

Ngayong ika-isang daang taong gulang ni Gng. Isabel Castillo ng San Agustin II, Naujan, tumanggap siya ng cash incentives at sertipiko ng pagkilala bilang centenarian mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro sa pamumuno ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor.

